# Alamin ang tungkol sa Ulat sa Equity

California School DASHBOARD

Toolkit para sa 2023 Dashboard

## Ang pagkakapantay-pantay ang pinakasentro ng sistema ng pananagutan sa California.

Tinutukoy ng Dashboard ng Paaralan sa California (Dashboard) ang mga agwat sa pagganap ng mga grupo ng mag-aaral sa pamamagitan ng ulat sa equity na ito, na available para sa bawat pagsukat ng estado. Makikita sa mga ulat na ito ang tagumpay at hamon na nararanasan ng mga opisina, distrito, at paaralan sa county sa pagtugon sa mga pagkakaiba. Itinatampok din nila ang mga paaralang nagpapatupad ng mga magagandang kasanayan na tumutulong para mapaliit ang agwat ng pagkakaiba sa pagitan ng mga grupo ng mag-aaral.

Ang ulat sa equity ay nagpapakita ng bilang ng pangkat ng mag-aaral na inilagay sa bawat Antas ng Pagganap (o kulay) para sa isang partikular na pagsukat ng estado. Tandaan na dahil ang Indicator ng Pagsulong ng Nag-aaral ng Ingles ay naglalaman lang ng isang grupo ng mag-aaral (ibig sabihin, mga Nag-aaral ng Ingles), walang ulat sa equity ang pagsukat na ito ng estado.

Nasa ibaba ang isang sampol na card ng sukatan ng Sining ng Wikang Ingles para sa Academic Indicators.




Sa sampol na card, ang paaralan ay may 7.4 puntos na mas mataas sa pamantayan sa kasalukuyang taon, na mas mataas ng 7.7 puntos mula sa nakaraang taon. Samakatuwid, ang kabuoang Antas ng Pagganap (kulay) para sa pagsukat na ito ay Berde.

Ang ulat sa equity na makikita sa ibaba ng card ay nagpapakita na ang walang grupo ng mag-aaral ang nakatanggap ng Pula (pinakamababang pagganap), isang grupo ng mag-aaral ang nakatanggap ng Orange, pitong grupo ng mag-aaral ang nakatanggap ng Dilaw, isang grupo ng mag-aaral ang nakatanggap ng Berde, at apat na grupo ng mag-aaral ang nakatanggap ng Asul (pinakamataas na pagganap).

Bilang default, ang mga miyembro ng grupo ng mag-aaral sa ulat sa equity ay kumakatawan sa **Lahat ng Mag-aaral** sa isang paaralan o distrito. Makikita rin ang impormasyon batay sa estado sa pamamagitan ng pagpili sa button ng **Estado** sa itaas ng color gauge na tumuturo sa kulay berde.

Para sa detalyadong impormasyon tungkol sa bawat grupo ng mag-aaral para sa bawat sukat, piliin ang **Tumingin pa ng Mas Maraming Detalye** sa ibaba ng card.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang webpage ng Dashboard at Sistema ng Suporta ng Paaralan sa California ng Kagawaran ng Edukasyon ng California sa https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/index.asp.


Kontakin ang Dibisyon ng Pag-uulat ng Analysis, Pagsukat, at Pananagutan sa pamamagitan ng email sa dashboard@cde.ca.gov.



Oktubre 2023